

Ang FEMA Mitigation Funds ay Tumutulong sa Mga May-ari ng Bahay na Muling Magtayo ng Mas Matibay

Release Date: Marso 31, 2023

LAKE MARY, Fla. – Mahigit sa 50,000 may-ari ng bahay sa Florida ang nakatanggap ng mga pondo mula sa FEMA upang muling itayo ang kanilang mga tahanan nang mas malakas pagkatapos ng Bagyong Ian.

Bilang bahagi ng pangako nitong pataasin ang katatagan, ang FEMA ay nagbigay ng \$37.3 milyon sa ngayon para sa tulong sa pagpapagaan sa mga may-ari ng bahay.

Ang mga may-ari ng bahay na naaprubahan para sa tulong sa pag-aayos ng bahay sa pamamagitan ng Programa ng Mga Indibidwal at Sambahayan ng ahensya ay maaaring makatanggap ng karagdagang pondo para sa ilang mga [hakbang](#) sa pagpapagaan. Ang pagpopondo para sa mga hakbang sa pagpapagaan ay iginagawad para sa mga pangunahing tirahan na inookupahan ng may-ari na may mga partikular na nasira na bagay at mga sanhi ng pinsala.

Dahil ang mga sakuna ay maaaring mangyari nang hindi inaasahan, ang paggawa ng mga hakbang upang palakasin, ayusin at muling itayo ay mahalaga para sa komunidad at personal na katatagan. Ang mga sumusunod na hakbang sa pagpapagaan ay maaaring saklawin para sa mga karapat-dapat na aplikante:

- Pag-aayos ng bubong upang makayanan ang mas mataas na bilis ng hangin at makatulong na maiwasan ang pagpasok ng tubig.
- Pagtaas ng pampainit ng tubig o pugon upang maiwasan ang pinsala sa baha sa hinaharap.
- Pagtaas o paglipat ng electrical panel upang maiwasan ang pinsala sa baha sa hinaharap.

Ang mga hakbang na ito ay magpapahintulot sa mga may-ari ng bahay na bawasan ang pinsala sa sakuna sa hinaharap at ang posibilidad na kailanganin



FEMA

Page 1 of 2

ang tulong na pederal sa hinaharap.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbangon ng Florida mula sa Bagyong Ian, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov/disaster/4673. Sundan sa [FEMA Rehiyon 4 \(@femaregion4\) / Twitter](https://twitter.com/femaregion4) at sa facebook.com/fema.



FEMA

Page 2 of 2